Chapter 22 - Legal na Kalayaan

Customary Law
Customary Law ang makakapagpalaya ng tuluyan sa Marijuana. Customary Law ang magbabawi ng lahat
ng ating lupain at kayamanan. Lahat ng ating kasarinlaan ng inagaw ng Espanyol gamit ng Admiralty
Law at kinalaunan, pinakialamanang Constitutional Law, ay mababawi natin.
Sa loob ng ilang daang taon. Isa isa nilang nirape ang mga Maharlikano. Pinatay ito. Pinutol ang mga
puno. Kinuha ang mga mineral. Papaano natin hihilumin mga yon at hindi mangyari muli?
Isa isa rin. Ang pag-angat ng sibilisasyon ay nagsisimula mula sa mga tao. Kung mas maraming gising at
alam ang tunay nilang pagkakakilanlan, mas mabubuo ang modernong sibilisasyon. Customary Law isa sa
mga pundasyon ng isang malayang indibidwal.
Naalala ko na ang kalayaan ay nagsisimula sa puso at isip. Ang pag-aral at pakikipaglaban para sa
karapatan ay hindi biglaan. Hindi basta basta nawawala ang takot sa mga pulis, mga otoridad, lalo kung
hindi mo alam ang karapatan mo. Nasanay ka sa pananakot nung bata ka sa pulis at multo.
Buong elementarya at high school mo ay hindi pinag usapan ang karapatang pang tao. Samantalang
karamihan sa pang aabuso ng karapatang pang tao ay nagsisimula sa musmos na edad pa lamang.
December 30, 2020. Pinakaunang Gising Maharlika get together/ protest sa parke harap ng Manila City
Hall. Live coverage sa Original Facebook page at 3 months na rin nagFB live sa Gising Maharlika page.
Merong bagong bantayog ng Katipunan doon at nila Bonifacio. Naalala ko no nung mga panahon na yon
ay grabe pa ang pag-implementa ng protocols.

Bumyahe ako ng merong saklob ang mukha, ibinababa lang kapag walang tao sa aking harap at pag
itinataas hanggang baba lamang ng ilong. Kahit sa loob ng sasakyan. Takot at ignorante pa ako noon.
Hindi ko pa kabisado ang aking karapatan at kung pano magpaliwanag sa otoridad. Ang mga
nakakasalamuha ko pa lang noong mga panahon na yun na pumapansin sa mukha kong walang taklob ay
mga kapitbahay at mga otoridad sa loob ng subdivision namin.
Noong nasa protesta na at dala-dala ang journal studies ng pangkawalang bisa ng mga mask, tinanggal ko
ang akin. Kaharap na namin ang mga Pulis ng Maynila, mga frontliner mismo ni Isko, at ipinapakita
sakanila ang mga studies. Paulit ulit ang linya nila, “Mag-mask, sumunod lang kayo at wag kayo

doon sa
harap ni Bonifacio”.
Walang hinuli sa amin noong mga panahong iyon. Nakapaglabas kami ng saloobin sa parke sa facebook
live. Iyon ang una sa marami naming viral na live videos. Libon ang nagshare at nagcomment.
Sa gitna ng protesta, minsan napaupo ako sa gilid ng bantayog ng Katipunan at ni Bonifacio. Mga totoong
tanong na pumasok sa isip ko ay, “Gagalaw kayo itong statwang ito?”. Mahigit anim na buwan na ang
paputol putol na negosyo dahil sa lockdowns at paglalagay ng diaper sa mukha. Tanong ko ay, “Gagalaw
ba itong mga bayani para hindi magpatuloy ang pagkontrol at pag-alipin ng mga tiwali?”
Mabilisang pumasok sa isip ko, Patay na itong mga Bayani. “Kung aasa ako na may bayaning gagalaw
para samin, mapaparalisa kami, lalo lang tatagal ang pekeng pandemya”. Nasa tao na ang pag-alam ng
karapatan nya. Ang maitutulong lang namin ay magturo sa mga tao na alamin ang karapatan nila. Naging
grass-roots movement at nanganak pa ng maraming grupo. Marami ring nakiki-alyansa sa movement.
Iba ang pakiramdam na alam mo ang karapatan mo at hindi ka naiipit ng otoridad. Dahil alam mong
“Power resides and emanate from We the People”. Tayo ang gobyerno, mga binoto ay mga tagasilbi sa
publiko. “Wow” moment kapag naipapaalala mo sa sarili mo at sa ignorante kung ano ang karapatang
pangtao sa pagsuklob sa mukha, sa pag-iwas sa eksperimentasyon at iba pa.
Pero ang pinaka “Wow” moment ko recently ay noong nalaman ko ang Customary Law. Ang puso at isip
ko ay naghahanap ng susi ng pagkatumba ni Babylon. Ang susi sa pagkakabawi ng soberenya nating mga
karapatan pagkapanganak dito sa mundo at bansa natin. Masasagot ang tanong na, bakit hindi pantay
pantay ang bawat batang ipapapangak sa mundong ito samantalang iisang Inang Kalikasan at Diyos
naman ang meron tayong nagbibigay ng lahat.
Sa Q movement, malaman ko na ang mga gustong mag silbi sa Divine Government ay kailangan mag
training sa Common Law. Dahil ang sinusunod ng mga gobyerno sa mundo, lalo na sa mga Democratic/
Republican type of government ay constitutional law.
Lingid sa kaalaman ng tao, may mas nakakataas pa na batas sa Constitutional Law. Batas na rumerespeto
sa komon na tao. Meron kasing Admiralty Law/ Maritime Law na ginamit upang legal mawala ang
karapatan mo at nagiging “Fictitious” o “Strawhat” ang pagkatao mo.
Malaking bagay pala ang pagiging capital letters ng Birth Certificate? Bakit noong panahon ni

Bonifacio,
excited silang punitin ang cedula nila? Bakit ngayon ang mga estudyante, adik alamin pano makuha ang
bawat ID sa gobyerno, para sa trabaho? Cedula, NBI, SSS, Philhealth, Police Clearanc, Baranggay Clearance etc.
Kung hindi mo inaral ang ugat at pagkakasimula ng ating Civil o De Facto government. Itong mga polisiya na ito ang magpapatakbo ng buhay mo. Tatanggapin mo na lang na ang magulong red tape
system ang ipapamana mo sa mga anak mo.

Origin of De Facto Government
Kelan sinimulan ang Katipunan? Totoong kasaringlan ba ang pagwagayway ng watawat ni Emilio Aguinaldo?
Sinasabi ng ibang libro na pormal na sinimulan ang Armed Forces of the Philippines noong 1935 dahil
kay General Douglas MacArthur. Ngunit kung makikita sa unang logo ng Hukbong Katihan ng Pilipinas,
1897 ito sinimulan. Matagal ng may sistema, utak at puso ang ating sandatahang lakas.
Sinasabing January 23 1899 ang pundasyon ng Republika ng Pilipinas ang pagkaupo ni Emilio Aguinaldo. Ang tanong simula 1897 hanggang 1899 sino ang namuno sa Hukbong Katihan ng Pilipinas?
Meron ba silang gobyerno?
Sino ang pumatay kay Andres Bonifacio at Macario Sacay? Meron bang Federal Maharlika na Supremo si
Andres Bonifacio sa Panay at si Macario Sacay sa Katagalugan at Luzon?
Traydor ang unang presidente ng “Republika”. Papaano kung sa Recto lang gawa ang papeles ng Republika? Mapagkakatiwalaan ba natin ang sistemang sinimulan ng Traydor? Na pumatay ng mga taong
alam ang tunay nating mga karapatan at tunay nating mga ari-arian?
Bakit hanggang ngayon yun pa din ang sistemang sinusuportahan natin ng walang reklamo?
Sinasabing ang Treaty of Paris ang dokumentong ginamit para ibenta ang Pilipinas sa Amerika (US Corporation na kontrolado rin ng British Crown Estate). Seryoso ba tayo na ang traydor na
Emilio Aguinaldo ang may hawak ng orihinal o mother title ng Pilipinas, at may karapatan ba siyang ibenta ito? Pano kung sa Recto lang din ginawa ang Treaty na yan?
Kaya importante ang Preface na dokumento sa World Bank. Doon nakasaad na ang tunay na may-ari ng
Pilipinas ay “People in the Philippine Islands”. Hindi isang tao, o isang angkan. Pilipino.
Itong sistema ang nagpapatakbo ng buhay natin. Huwad at gawa ng mga traydor. Mga frontman at puppet
ng mga conquistador. “De Facto” government, In effect/ acting lamang, ngunit malayo ito sa katotohanan
na “De Jure” government na “Officially or By Law.
Sa simpleng sabi. Ang De Facto government ay gawa ng mga traydor at conquistador, Ang De Jure government naman ang opisyal at nasa totoong batas. Ano ba ang De Jure Government?
Wala tayong idea sa De Jure government bago simulan ang Republika dahil 300+ years ba naman tayong

inalila ng Espanyol. Sila ang De Facto government noon at pinalitan lang ng Republika (De Facto pa rin)
pero hindi talaga bumalik ang kasarinlan ng mga tao. Parehas na sistema na pagkaalipin, magkaiba lang
ang Master.
Ang Presidente ang pinakamagarang buhay, position at pamumuhay ngunit parehas lamang siyang Alipin.
Namamahay lang. Siya ang tagapasujnod ng lahat ng Aliping namamahay rin at sagigilid. Sinasamba na
siya halos ng mga tao lalo pag eleksyon. Pero Alipin lamang siya. Ang tunay na master ang nag
mamay-ari ng korporasyon ng Republika ng Pilipinas. Ang mga tunay nyang boss yung mga may korona,
at nangamkam ng yaman sa mundo. Kapwa natin Pilipino ang nangangako laging babaguhin ang Buhay
natin.

Simula nung sinimulan ang Republika, gumanda ba ang buhay ng Pilipino? Gumanda ba ang Pilipinas?
Gumana ba ang sistema? Sigurado naman na may mabubuting mga Presidente. Pero para tayong mga
baliw. Nakita natin mabuti o masamang presidente, yung sistemang sinimulan ng traydor at puppet, yun
pa din ang nagpapahirap sa atin. Bakit para tayong mga tanga at baliw na binubuhay pa ito?
Kelan ang expiry ng Treaty of Paris? Paso na ba? Hindi ba dito nakaakibat ang bisa ng Korporasyon o ng
Republika? PASO NA ANG REPUBLIKA. Expired na. Pero patuloy nating binubuhay sa Smartmatic
Elections. Smartmagic! Fluoride stare pagkatapos basahin? O “wow” moment? Ang Babylon na sinasabi
sa mga kanta, ang Matrix of Slavery, legally expired na. Tayo tayo na lang ang nagpapatuloy. Umaasa
tayo na yung Utopian future na gusto natin ay ang lumang sistema pa rin ang magbibigay. Breaking
News: We have to manifest it. Allow it. Plant our foot in the ground. Magbungal, magtanim.
Pero yung kalaban? Yung sistema? Abo na. Marupok at maluton na ang Pundasyon.
Tayo tayong mga mangmang ang nagpapatuloy ng Election. Hindi rin naman kasi natin alam ang
alternatibo o orihinal na solusyon. Sigurado isang temang iikot dito sa librong ito. Ang kalaban
binansagan na alternitabo ang mga bagay na dapat yun naman ang solusyon. Alternative medicine vs
western medicine. Mas maraming napatay (3rd cause in the world) ang Allopathic western medicine, kesa
sa matagal nang natural sa inang kalikasan.
Ganun din tamang gobyerno o Divine Government. Sino ba ang nagpatakbo ng mga buhay natin bago
dumating ang Espanyol? Pano ba magpatakbo ang mga liderato natin noon?
Sakin isang obserbasyon pa lang, mas pipiliin ko na yung orihinal natin. Dati nakabalot satin ginto, mga

Datu, Rajah, Sultan. Ngayon ang tingin satin ng mundo unggoy, domestic worker at OFW.
Resulta na lang. Yung pilit agawin ng mga Espanyol mula sa ating mga katutubo. Yung pinilit nilang itinayong sistema. Sistema ng relihiyon, pamumuhay, gobyerno. Ano ang resullta? Third world country
ang Pinas, ang daming mangmang, isa sa mga top sources sa Drugs at Child Sex Trafficking.
Yung sistema na meron tayo dati siniraan. Sinabing makaluma, primitibo. Samantalang dati marangya ang
ating pangangalakal. Walang gutom sa ating mga katutubo. Walang mga may may sakit. Nagsimula lang
ang mga sakit noong pumasok ang mga mananakop. Walang nag-aaway away sa mga tribo, sa mga
kaharian. Maayos ang pakikitungo ng mga lokal sa bawat isa. Ang layo sa estado ng bansa natin ngayon.
Nasa civil war ang mga tao dahil sa epekto ng Mainstream media propaganda, Project Mockingbird at
MK Ultra.
Sabi ni US Presidents Raegan at Nixon, tayo ang pinakamayamang bansa sa buong mundo. Bakit hindi
natin maranasan? Bakit ang mga katutubo ng Saudi, New Zealand, Australia, USA at Canada ay tila komportable at sagana ang benepisyo? Ano ang kulang?
Nag-ikot kami sa mga mangyan, nagtatanong kami sa mga taga cordillera. Bibihira ang may alam sa
Indigenous People’s Rights Acts of 1997. Nagsimula ako seryosohin ang batas 2020 pa lamang, kinabisado ang RA 11525 para protektahan ang aking karapatan, ang aking dugo at buhay.
Natutunan ito ng maraming tao dahil sa mga online educational campaign, at public flyering. Ito ay proteksyon sa karapatan sa trabaho, edukasyon at sa buhay. Karapatan laban sa eksperimentasyon.
Noong napag-aralan ko naman ang IPRA LAW ng 1987 ay ang susi sa lahat ng kalayaang Legal. Sa lupa,
pamumuhay, pagkain, sa dugo, lahat pangalanan mo. Maproprotektahan ng Customary Law. Warm up

pala ang pag-aaral ng RA 11525. Ang tanong ko sa isip ko, kung nakasulat ang Constitutional Law, malamang nakasulat din ang Universal Law/ Common Law/ Natural Law/ Customary Law?
Section 65 ng IPRA Law 1997. Primacy of Customary Laws. - When dispute involve ICCs/IPs, customary laws and practices shall be resolved to resolve the dispute.
Primacy ibig sabihin nakakataas. Biruin mo yun, may batas na nakalusot na pwedeng gamiting na may
“primacy” sa constitutional law?
Hindi ba logical din? Ang Civil Law ang kaakibat sa bisa ng republika hindi ba? Ang “De facto” na republika? Ang ginawa ng traydor na Emilio Agunaildo, naka-ankla sa paso at walang bisang Treaty of
Paris?
Doon nakakabit ang Civil Law. Kung paso na ang republika, hindi ba paso na rin ang Civil Law? Kung
De Facto o acting government ang ang Civil Law, De Jure naman ang Opisyal at ginagamit ang

Customary Law?
Maraming Civil Lawyer ang tatawanan ito at hindi maiintindihan nag kabuohan dahil ang pundasyon nila
ay sistema ni Babylon. Nakapiring daw ang babae sa emblem ng justice system para hindi bias. Totoo ba?
Hindi ba pagbubulagbulagan? Mas marami pang kapangyarihan ang nga huwes kesa sa totoong gobyerno,
ang tao?
Isa sa pina obvious na example ng customary law na hindi maliligtas ng civil law. Ang karapatan
gumamit ng marijuana sa pamumuhay. Sindihan man, itanim, iluto sa pagkain. Ang customary law ay
pinoproteksyonan ito sa Section 34 ng IPRA Law.
Kung sibilyan ka, hindi mo talaga ito magagamit. Pero kung Tribo ka talaga magagamit mo ito. Ano ang
pinagkaiba?
Birth Certificate
Kapag may Birth Certificate ka sa hospital. Yung lahat Capital Letters ang pangalan na ilalagay? Yun ang
pruweba na nasa ilalim ka ng batas ng Sibil. Sa ilalim ng batas ni Babylon. Sa ilalim ng batas na ginawa
ng sistema ng traydor, Aguinaldo.
Ayon sa Quantum Language kapag capital letters ang ginamit sa isang pangalan. Ito ay fictitious entity.
Isang halimbawa ay business registration. Laging capital letters ang gamit dahil ito ay isang paper entity.
Personalidad sa papel.
Dahil capital letters ang ginamit sa birth certificate mo, ayon sa Quantum Language, ikaw ngayon ay
isang paper entity. Person ang tawag nila. At dahil nga republika tayo na binenta sa Estados Unidos (na
pinapatakbo rin ng korona ng Britain), tayo ay under ng Admiral Law ng Korona. Ang batas na ginamit
nila noong nanakop pa sila.
Strawhat o fictitious entity ka na pag may papel kang ganito, na pinirmihan pa ng mangmang mong Tatay
o nanay. Kung pamilyar kayo sa Stock Market. Pagkatapos ng iyong Birth Certificate mo ay patunay na
ikaw ngayon ay isa nang “STOCK”. Magpapatunay nyan ay ang Social security number mo. Sa Stock
market ang birth rate at death rate ay direktang nakakaapekto sa Stocks ng isang bansa.

Sa kabilang banda naman. Ang mga Tribo nung nagsimula ay walang Birth Certificate. Ang kanilang mga
pangalan ay binibigay sakanila ng mga magulang nila o ng mga elder. Ang Espirito ang nagbubulong
sakanila.

Malaya ang karapatan mo. Hindi ka pag mamay ari ng Datu o ng Rajah. Sila lamang ay mga gabay at
taga-silbi. Ang layo sa meron ngayon na parang mafia boss pati mga Barangay Captain.
Ayon sa Sec. 10 ng IPRA Law, bawal ang Unauthorized o Unlawful Intrusion. At kailangan suportahan
ng de facto government ang pagprotekta sa mga ancestral domain. Bago dumating ang mga Espanyol, ang
buong Pilipinas ay sa Pilipino lamang. Ngayon mga oligarko na ang sumasakop sa malalawak na lupain.
Kailangan pang pagtrabahuan ng sanggol na ipapanganak sa dito sa mundo ang lupang tatayuan nya.
Dati? Walang magbabawal sakanya magtayo kung saan, basta wala siyang tatapakang iba.
Kapag alam mo ang karapatan mo bilang Maharlikano o Tribo. Walang pulitiko, pulis, army ang pwede
pumasok sa domain mo at mangialam sa inyong pamumuhay. No Jurisdiction sila dahil sa primacy ng
Customary Law.
Peace of mind upang hindi ka mapasok ng magpipilit ng eksperimentasyon at iba pa. Kalayaan kay
Babylon na nakasulat mismo sa isang Republic Act.
Sino ba ang pwede magtamasa ng benepisyo ng Customary Law?
Ang Tribo. Ang ating mga katutubo.
Hindi ba nanggaling din tayo sa mga katutubo? Hindi ba lahat tayo may ninuno nakatira sa Pilipinas bago
dumating ang mga Espanyol? Nagkataon lang na nagkahalo halo sa pakikipagkasal sa ibang pamilya, sa
ibang lahi, nalipat ng lugar dahil sa pamumuhay. Ang tanong, ang karapatan ba ng ating mga ninuno noon
ay iba sa karapatan natin ngayon?
Bakit tila ang dali dali tayo tapakan, pagkaitan sa pamana ng Maharlika, pamana ng Inang Kalikasan?
Samantalang ang mga katutubo natin dati ay marangya at kayang idepensa ang pamumuhay nila.
Hindi nag iba ang ating karapatan! Kung anong karapatan ng ating mga ninuno dati para mamuhay ng
malaya ay ganun din ang ating karapatan ngayon! Kamangmangan ang magsumite sa sistema ng
Babylon! Kamangmangan ang hindi alamin ang tunay na bisa at kapangyarihan ng De Facto government
at De Jure Government!
h) Indigenous Cultural Communities/Indigenous Peoples - refer to a group of people or homogenous
societies identified by self-ascription and ascription by others,
who have continuously lived as organized community on communally bounded and defined territory,
and who have, under claims of ownership since time immemorial, occupied, possessed and utilized such
territories,
sharing common bonds of language, customs, traditions and other distinctive cultural traits, or who have,

through resistance to political, social and cultural inroads of colonization, non-indigenous religions and
cultures, became historically differentiated from the majority of Filipinos.

ICCs/IPs shall likewise include peoples who are regarded as indigenous on account of their descent from the populations which inhabited the country, at the time of conquest or colonization, or at the time of inroads of non-indigenous religions and cultures, or the establishment of present state boundaries,
who retain some or all of their own social, economic, cultural and political institutions, but who may have
been displaced from their traditional domains or who may have resettled outside their ancestral domains;
Yan ang ipapaalala natin sa mga tao. Kung sino man nagsulat ng parteng yan sa IPRA law, walang iniwang butas. BASAHIN MO NG MABUTI KUNG PASOK KA DYAN!
Dahil kung pasok ka dyan, makakapagbalik Tribo ka. Makakapagbalik Kultura ka. Ang karapatan ng iyong mga ninuno ay karapatan mo rin. Mas mataas ang batas na sinusunod mo ang Customary Law na
based sa Universal o Natural Laws, na nakaakibat sa Constitutional Law.
Kung tayo nga inaassert natin ang RA 11525. Pano kung aralin natin kung sino talaga tayo? At ang mas
malalim pa na karapatan natin? Hindi ba mas makataong sistema ang mabubuhay natin?
Kahit pilit man nilang pakialaman ang konstitusyon. At magdagdag ng kung ano anong mga panukala.
Hindi mawawala ang batas na nakakataas. Aalamin lang natin.
Patuloy nyo ang clown show sa Senado, Kongreso, Executive at mga korte. Inaanay na kayo. Tumayo na
ang Katutubo ang dating malalaya ngunit wala pang printer. Ngayon may papel at printer na, tinayo na
ang Federal Maharlika. Mas marami nang taong nagigising at nagbabali kultura, nagbabalik sa pamilya, at
nagbabalik sa Diyos.
Kung pilit nyo kaming pinag-aaway para hindi makabuo ng modernong sibilisasyon. Ito na ang solusyon
para mabuo ang kaharian ng langit sa lupa, ang pagkakasundo. Pagkakasundo at pagtutok sa pagtayo ng
komunidad at ng bansa.
Mabigyan lang ng tsansya nag Pilipinas na magbayanihan, Lilipad tayong lahat

---

Revision #1
Created 1 June 2025 07:56:05 by MaharlikanWatchman
Updated 1 June 2025 07:56:31 by MaharlikanWatchman